## Tala: 1

Attention Deficit Hyperactivity Disorder at Attention Deficit Disorder(includes abstract)
Riley J; Carson-DeWitt R; Consumer Health Information Language Database, Consumer Health Information, EBSCO Publishing, February 2008; (patient education - condition)
CINAHL AN: 2010052429

Abstract: Ang attention deficit hyperactivity disorder (ADHD) ay isang talamak na karamdaman sa pag-uugali. Ito ay pag-uugaling pagiging sobrang aktibo, pabugso-bugso, at/o hindi mapag-intindi. Dapat magtagal ang mga ito nang di-kukulangin sa anim na buwan at naroon sa dalawang kapaligiran (tahanan, trabaho o paaralan). Inaapektuhan ng ADHD ang mga bata, mga nagbibinata/nagdadalaga, at mga nasa hustong gulang.

View English

**Database:** Consumer Health Information -- Tagalog

# Attention Deficit Hyperactivity Disorder at Attention Deficit Disorder

**(ADHD at ADD, Hyperkinetic Syndrome, Hyperkinetic Impulse Disorder)**

ni: Julie Riley, MS, RD

[View English Version]


### Kahulugan

Ang attention deficit hyperactivity disorder (ADHD) ay isang talamak na karamdaman sa pag-uugali. Ito ay pag-uugaling pagiging sobrang aktibo, pabugso-bugso, at/o hindi mapag-intindi. Dapat magtagal ang mga ito nang di-kukulangin sa anim na buwan at naroon sa dalawang kapaligiran (tahanan, trabaho o paaralan). Inaapektuhan ng ADHD ang mga bata, mga nagbibinata/nagdadalaga, at mga nasa hustong gulang.

### Mga Sanhi

Ang sanhi ng ADHD ay hindi pa nalalaman. Malamang na dulot ito ng di-pagbabalanse ng kemikal sa utak. Lumalabas na mayroon ding salik na genetic dahil nakikita ang ADHD sa mga pamilya.

**Utak ng Bata**



*Maaaring responsable ang di-pagbabalanse ng kemikal sa utak para sa ADHD.*

*© 2009 Nucleus Medical Art, Inc.*

**Mga Nagbibigay Panganib**
Ang nagbibigay panganib ay nagpapataas sa iyong tsansang magkaroon ng sakit o kondisyon.

Ang mga nagbibigay panganib sa ADHD ay:

- Kasarian: lalaki
- Magulang o kapatid na may ADHD

**Sintomas**
Lahat ng mga bata ay nagpapakikita ng ilang mga sintomas ng ADHD. Ang mga batang may ADHD ay may mga sintomas na mas malala at magkakaayon. Madalas silang nahihirapan sa paaralan at kasama ang kanilang pamilya at mga kaibigan.

Maaaring magtagal ang ADHD hanggang sa paglaki. Nakapagdudulot ito ng mga problema sa mga ugnayan, pagganap sa trabaho, at pananatili sa trabaho.

Mayroong tatlong uri ng ADHD:

- Inattentive (classic "ADD")
- Hyperactive-impulsive
- Pinagsama

## Inattentive (Classic "ADD")

- Madaling malingat sa mga nakikita at naririnig
- Hindi iniintindi ang detalye
- Parang hindi nakikinig kapag kinakausap
- Nakagagawa ng mga pagkakamali dahil sa kapabayaan
- Hindi sinusunod ang mga tagubilin o mga gawain
- Umiiwas o hindi gusto ang mga gawain na nangangailangan ng mas mahabang panahong pag-iisip
- Nakakawala o nakakalimutan ang mga bagay na kailangan para sa mga gawain
- Malilimutin sa mga pang-araw-araw na gawain

## Hyperactive-impulsive

- Malikot, hindi mapakali, at kumikiwal-kiwal
- Tumatakbo at umaakyat at hindi makayang manatiling nakaupo
- Ibinubulalas ang sagot bago marinig ang buong katanungan
- Nahihirapang maglaro nang tahimik
- Nagsasalita nang labis
- Sumasabat sa iba
- Nahihirapang maghintay sa linya o hintayin ang toka

## Pinagsama

Ang pinagsamang ADHD ang pinaka-karaniwang uri.

- Mayroon itong pinagsamang mga sintomas sa itaas

Maraming mga taong may ADHD ay mayroon ding:

- Labis na pagkalungkot

- Pagkabalisa
- Conduct disorder
- Oppositional defiant disorder
- Learning disorders
- Pagkalulong sa droga

**Pagsuri**
Walang pamantayang pagsusuri na pangsuri sa ADHD. Ginagawa ito ng nagsanay na propesyonal sa kalusugan ng pag-iisip Sangkot rin ang pamilya at mga guro.

Inirerekomenda ng American Academy of Pediatrics na gamitin ang mga sumusunod na patnubay para sa pagsusuri sa mga batang 6-12 taon:

- Dapat maumpisahan ang pagsusuri kapag nagpapakita ang bata ng kahirapan sa:
  - Paaralan
  - Pang-akademikang pagkamit
  - Mga ugnayan sa mga kaibigan at pamilya
- Sa pagsusuri, dapat makalap ang sumusunod na impormasyon mula mismo sa mga magulang, mga tagapangalaga, mga guro, o ibang mga propesyonal sa paaralan:
  - Pagsusuri sa mga sintomas ng ADHD sa ibang mga kapaligiran (tahanan at paaralan)
  - Edad kung kailan nagsimula ang mga sintomas
  - Gaano inaapektuhan ng pag-uugali ang kakayahan ng batang gumanap
- Dapat suriin ng propesyonal ang bata para sa:
  - Ibang mga kondisyon na maaaring nagdudulot o nagpapalala sa mga sintomas
  - Mga problema sa pagkakatuto at lengguwahe
  - Ugaling pala-away
  - Mapanggulong pag-uugali
  - Labis na pagkalungkot at pagkabalisa
  - Mga sintomas na psychotic
  - Karamdaman sa pag-uugali
- Upang malaman kung may ADHD, dapat ang mga sintomas ay:
  - Naroon sa dawala o higit pang mga kapaligiran ng bata
  - Nakakaabala sa kakayahan ng batang gumanap nang di-kukulangin sa anim na buwan
  - Itugma sa listahan ng mga sintomas na nakadetalye sa pinakabagong bersyon ng *Diagnostic and Statistical Manual (DSM)* ng American Psychiatric Association

**Paggamot**
Ang layunin ay pabutihin ang kakayahan ng batang gumanap. Dapat magtulungan ang mga doktor at mga magulang at kawani ng paaralan. Sama-sama, makapagtatakda sila ng makatotohanang mga layunin at suriin ang tugon ng bata.

Kasama sa mga paggamot ang:

## Gamot

Makakatulong ang mga gamot upang makontrol ang pag-uugali at itaas ang attention span. Ang stimulants ang pinaka-karaniwang pinipili para sa ADHD. Pinapataas nila ang gawain sa mga bahagi ng utak na parang mas hindi aktibo sa mga batang may ADHD. Kabilang sa mga gamot na stimulant ang:

- Methylphenidate (Ritalin, Concerta, Metadate, Daytrana)
- Dextroamphetamine (Dexedrine)
- Amphetamine (Adderall)
- Atomoxetine (Strattera)
- Lisdexamfetamine dimesylate (Vyvanse)—Kamakailan lamang naaprobahan ang gamot na ito upang gamutin ang mga nasa hustong gulang na may ADHD. Magagamit rin upang gamutin ang mga batang nasa edad na 6-12. [*2]

Kausapin ang iyong doktor kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa gamot sa ADHD. May mga maaaring panganib ang mga gamot na ito, kabilang ang mga cardiovascular na pangyayari (halimbawa, stroke , atake sa puso ) at mga problemang psychiatric (halimbawa, nakakarinig ng mga boses, pagiging baliw).

Dahil sa bihirang panganib ng seryosong mga problema sa puso, iminumungkahi ng American Heart Association na magkaroon ang mga bata ng electrocardiogram (ECG) bago umpisahan ang paggamot ng stimulant para sa ADHD. *[1]

Kabilang sa ibang mga gamot ang:

- Antidepressants—gaya ng imipramine (Janimine, Tofranil), venlafaxine (Effexor), at bupropion (Wellbutrin)
- Clonidine (ginagamit para sa Tourette's syndrome )—upang gamutin ang pagiging pabugso-bugso

## Behavior Therapy

Mas bumubuti ang mga batang naggagamot at gumagamit ng therapy kaysa sa mga iba na gumagamit lamang ng gamot. Nakatuon ang mga therapy session sa pagsasanay sa mga kasanayang panlipunan at paglutas ng problema. Tuturuan din ng mga tagapayo ang mga magulang at mga guro upang tulungan ang bata sa pamamagitan ng positibong suporta. Maaaring sangkot dito ang pagbabago sa silid-aralan pati na sa uri ng pangangalaga ng magulang. Madalas, nagpapalitan ng pang-araw-araw na kard ng ulat sa pagitan ng mga magulang at mga guro.

**Pag-iwas**
Walang mga patnubay para sa pag-iwas sa ADHD dahil hindi nalalaman ang sanhi nito. Maaaring makaiwas ang angkop na paggamot sa mga problema sa hinaharap.

Published by EBSCO Publishing. This content is reviewed regularly and is updated when new and relevant evidence is made available. This information is neither intended nor implied to be a substitute for professional medical advice. Always seek the advice of your physician or other qualified health provider prior to starting any new treatment or with questions regarding a medical condition. Copyright 2009 EBSCO Publishing. All Rights Reserved.

**Pagkukunan:** Consumer Health Information, EBSCO Publishing. February 2008
**Numero ng Item:** 2010052429